



RIGHTS AND RESOURCES INITIATIVE | NOVEMBER 2020

***Sa kasagsagan ng COVID:
Mga bagong batas sa Asya, Pabor sa Negosyo ngunit
Nakakapinsala sa Karapatan sa Teritoryo ng mga
Katutubo at Lokal na Pamayanan***

South at Southeast Asya

Asia Indigenous Peoples Pact

Coalition for Tenure Justice in Indonesia

Rights and Resources Initiative

Nilalaman

Mga Pagkilala	3
Panimula.....	3
Ang konteksto ng karapatang pantao sa panahon ng COVID-19: Pagsasara ng demokratikong espasyo	5
Unang Bahagi: Mga kontrobersiyal na lehislatibong proseso	7
Ikalawang Bahagi: Corporate Stimulus at Compensation	9
Ikatlong Bahagi. Mga solusyon sa pandemya na nagpapahina sa karapatan ng mga katutubo at lokal na pamayanan.....	14
Konklusyon.....	15

Mga Pagkilala

Nais ng mga may-akda na pasalamatang ang mga abogado na buong-pusong nag-ambag ng kanilang oras at pananaw sa ulat na ito: Asep Y Firdaus, Legal Expert at Director ng Epistema Institute; Andiko, SH. MH, Indonesian Sustainability Lawyer; Shomona Khanna, Advocate, Korte Suprema ng India; Antonio G. M. La Viña at Joy Reyes, Manila Observatory.

Nagpapasalamat din kami sa mga taong tumulong sa pagsalin ng ulat sa wikang Filipino, Bahasa Indonesia, Hindi, Pransya at Espanyol: Jo Ann Guillao; Septiari Ayu; Hridayesh Joshi at Dhruva Narayan; Samuel Tribollet; at Pauline Kulstad.

Panimula

Ang mundo ay nahaharap sa walang kapantay at malawakang krisis pangkalusugan na resulta ng COVID-19. Noong Setyembre 29, umabot na sa mahigit isang [\(1\) milyon](#) ang mga taong namatay sa bayrus. Nakikinitang maaaring matagalan ang pandemya at magdudulot ng patung-patong na krisis sa [pagkain](#) at iba pang krisis sa ekonomiya. Ilan sa mga grupong pinaka-bulnerable sa COVID-19 ay ang mga katutubo at lokal na pamayanan (IPLC) na matagal nang nakabaon sa hindi pagkakapantay-pantay, *stigma* at diskriminasyon.

Ang kakulangan ng akses sa batayang serbisyong pangkalusugan, kalinisan, at limitadong *internet* para sa *online* na pag-aaral ay ilan lamang sa mga [problemang nakakasagka sa kakayanan](#) ng mga komunidad upang salagin ang pinsala ng pandemya.

Subalit, kung tinatamasa lamang ng mga pamayanan ito ang kanilang karapatan sa sariling pagpapasya, taglay nila ang determinasyon na magsagawa at pamunuan ang mga naaangkop na tugon sa krisis na kagaya ng COVID-19.

Ang pundasyon ng mga matagumpay na tugon sa krisis ay ang pagsigurado sa [karaparatang pamahalaan ang rekurso at teritoryo](#), malusog at produktibong ekosistema, at pagrespeto sa desisyon ng pamayanan na manatiling sumailalim sa boluntaryong paghihiwalay sa kanilang mga pamayanan sa pamamagitan ng pagpapatigil sa mga proyektong nangangailangan ng Free Prior and Informed Consent (FPIC) sa gitna ng pandemya.

Pinangangasiwaan ng mga [katutubo at lokal na pamayanan ang mahigit limampung porsiyento](#) (50%) ng lupang ibabaw, subalit sampung porsiyento (10%) lamang nito ang nasa kamay nila sa bisa ng karapatan sa tradisyunal na pagmamay-ari.¹ Ang kakulangan sa karapatan sa lupa ay sumasagka sa

¹ Ang pagkilala sa seguridad ng kolektibong karapatan sa lupa at rekurso ay malawakang kinikilala ng mga aktor ng estado. Tumutulong ito sa pag-angat sa antas ng mga layuning [pangsosyo-ekonomiko at pangkalikasan](#) ng buong mundo. Gayunpaman, ang mga legislatibong sangay sa antas pambansa ay mabagal sa pagpopormalisa ng mga institusyong sumusuporta sa mga komunidad at sa mga tradisyon ng mga katutubo, lokal na pamayanan at katutubong kababaihan.

mga katutubo at lokal na pamayanan sa pagpapatupad ng mga estratehiya o pamamaraan gaya ng bonluntaryong paghihiwalay upang mapigil ang paglaganap ng mga sakit.²

Gayundin, sa kawalan ng karapatan sa pamamahala, nalalagay sa panganib ang mga rekurso at teritoryo ng komunidad dahil itinuturing ng gobyerno ang kanilang likas-yaman na rekurso upang itawid ang kanilang ekonomiya sa napipintong pagbulusok ng pandaigdigang ekonomiya.

Panghuli, pinahina ng pandemya ang pagpapatupad ng mga batas kaugnay sa karapatan sa lupa, pinatindi nito ang pangangamkam at ang kriminalisasyon laban sa mga katutubo at lokal na pamayanan na nagtatanggol ng kanilang batayang karapatan sa mga teritoryong kanilang pinangangasiwaan.³ Kaya, maliban sa implikasyon nito sa pampublikong kalusugan, ang COVID-19 ay karagdagang banta sa karapatan sa lupa.

Kamakailan lamang, inilabas ng kalihiman ng CBD ang ikalimang pahayag ng Global Biodiversity Outlook at naitalang hindi nakamit ng mga gobyerno ang lahat ng Aichi Biodiversity Targets. Anim lamang sa mga ito ang bahagyang nakumpleto sa nakaraang dekada⁴. Ang pandaigdigang krisis sa ekonomiya at ang “business as usual” na mga solusyon ang sumisira sa mga *environmental targets* sa susunod na dekada bago pa man ito pormal na pagtibayin.

Ang pagtataguyod ng pag-unlad ng ekonomiya kahit sa kapinsalaan ng hustisyang panlipunan at pangkapaligiran ay sumisira sa buhay ng mga katutubo at lokal na pamayanan gayun din sa kagalingan at kalusugan nating lahat dito sa mundo. Upang malagpasan ang pandemyang ito na taglay ang mas makatarungan at likas-kayang lipunan, kailangan natin ng masaklaw at *transformative* na pagbabago na magtutuwid ng mga batayang inustisya tulad ng kawalan ng seguridad sa pamamahala, politikal na pagkakait, at diskriminasyon sa mga komunidad na nangangasiwa sa mahigit kalahati ng mundo.

Tatalakayin ng maikling ulat na ito ang mga batas at polisiya sa panahon ng COVID-19 sa India, Indonesia, at Pilipinas na nagpapahina o sumisira sa likas-kayang ugnayan ng tao at kalikasan at sa [tinatamang karapatan ng mga katutubo at lokal na pamayanan sa kanilang teritoryo](#). Hindi pa pinagtibay ng India, Indonesia at Pilipinas ang Indigenous and Tribal Peoples Convention, 1989 (No. 169) (ILO 169) ngunit pinagtibay na ng tatlong bansa ang United Nations Declaration on the Rights of

² Ang mga tribu sa West Bengal sa India ay nanguna sa pagresponde sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsabatas ng kanilang sariling mga lockdown at sariling paraan ng pagbubukod sa kanilang mga migrateng manggagawa na umuwi mula sa mga kalunsuran.

³ Pakikipagtipan ng Mga Katutubong Asya. (2020). Pagsumite ng Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP) at mga kasapi nitong samahan at network sa bahagyang pagtugon sa 'Call for inputs Report' ng Espesyal na Rapporteur sa Mga Karapatan ng Mga Katutubong Tao sa Pangkalahatang Assembly Epekto ng COVID-19 sa Mga Katutubong Tao sa Asya. Nakuha mula sa https://aippnet.org/wp-content/uploads/2020/06/Final_AIPP_UNSRIP-June2020.pdf

⁴ Secretariat ng Convention sa Biological Diversity. (2020). Global Biodiversity Outlook 5. Montreal. Nakuha mula sa <https://www.cbd.int/gbo/gbo5/publication/gbo-5-en.pdf>

Indigenous Peoples (UNDRIP). Itinaguyod din ng mga nasabing gobyerno ang mga reporma sa lupa at kagubatan sa pambansang antas kahit mahina ang implementasyon ng mga ito.⁵

Ipagpakilala ng maikling ulat na ito ang konteksto ng COVID-19 sa bawat bansa. Ang mga lehislatibong proseso na ilalahad dito ay umusbong sa bawat bansa kasabay ng pagresponde sa pandemya, kasama ang mga *lockdown* na idinikta ng gobyerno, na magbibigay ng importanteng konteksto. Pagkatapos, susumahin natin ang pag-usad ng mga lehislatibong proseso sa pamamagitan ng tatlong tema na sa ilang pagkakataon ay nagpapang-abot.

1. Oportunistang pagsulong ng mga kontrobersiyal na batas na nagsimula bago ang COVID.
2. *Corporate stimulus* at *compensation*
3. *Top-down* na mga solusyon sa pandemya na nakakapanghina sa mga karapatan ng mga katutubo at lokal na pamayanan.

Napag-alaman na sa India, Pilipinas at Indonesia, ipinagpapatuloy ng mga gobyerno ang kanilang mga pangkaunlarang adyenda na nagsimula bago ang COVID na nagpapalala sa paglaganap ng mga sakit tulad ng COVID-19⁶. Binabalewala ng mga aktibidad na ito ang pandaigdigang adyenda na lutasin ang pagbabago ng klima at ang pagguho ng biyodibersidad. Magpapatuloy ito kung ipipilit ang mga programang nakakasira sa kalikasan sa halip na bigyang pansin ang mga makataong pagresponde sa pandemya.

Ang konteksto ng karapatang pantao sa panahon ng COVID-19: Pagsasara ng demokratikong espasyo

Habang importanteng estratehiya sa pagresponde ang mga *lockdown* upang maapula ang pagkalat ng bayrus, ginagamit din ito ng otoridad upang supilin ang mga pampublikong pagkilos o mobilisasyon.

Ang **Pilipinas** ang matinding halimbawa ng paggamit ng *lockdown* at *national state of emergency* upang supilin ang mamamayan gamit ang kanyang [lubhang militarisadong](#) pagresponde sa COVID-19. Noong Marso 24, 2020, kinonsolida ni Presidente Duterte ang kanyang ehekutibong kapangyarihan sa pamamagitan ng Republic Act No. 11469 (Bayanihan Act). Binigyan nito ng lehislatibong kapangyarihan ang presidente sa panahon ng *national emergency*. Maaari nang kumuha si Duterte ng pondo mula sa ibang sangay ng gobyerno at ilaan ang mga ito bilang *stimulus packages* at para sa mga proyektong pangkaunlaran. Ang kasunod na Republic Act No 11332 ang naglatag ng mga alituntunin

⁵ Inisyatibong Karapatan at Mga Mapagkukunan. (2018). Sa isang Crossroads: Mga Bunga na Kinahihinatnan sa Pagkilala sa Pag-iingat ng Kagubatan na Nakabatay sa Komunidad mula 2002-2017. Nakuha mula sa Rights and Resources Initiative, Washington D.C. : https://rightsandresources.org/wp-content/uploads/2019/03/At-A-Crossroads_RRI_Nov-2018.pdf; Kumar, K., Singh, N. M., & Rao, Y. G. (2017). Pangako at Pagganap ng Batas sa Mga Karapatan sa Kagubatan. *Lingguhang Pang-ekonomiya at Pampulitika*, 52(25-26).

⁶ Ang mga sakit na galing sa hayop ay karaniwan ngunit ang paglaganap ng mga ito ay matagal nang nauugnay sa industriya ng agrikultura, pamilihan ng buhay-ilang, pagkalbo ng kagubatan at pagkapinsala ng kalikasan. Ang mga kalakarang ito ay lumilikha ng angkop na kalagayan para sa mabilis na paglaganap at pag—mutate ng iba't ibang uri ng sakit na hindi dapat nakakalapit sa sangkatauhan. Ang COVID-19, pagbabago ng klima, ang pagkasira ng biyodibersidad at mga pang-ekonomikong aktibidad na nagdudulot ng pagkasira ng kalikasan ay magkakaugnay.

para sa kasalukuyang *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*. Ang dalawang batas na ito ang nagtutulak sa mga adyendang pangkaunlaran ni Duterte habang sinisikil nito ang pampublikong organisasyon at ipinagpapatuloy ang [paglabag sa mga karapatang sibil, pampulitika at sosyo-ekonomiko ng mga tao](#).

Noong Abril 1, [ipinag-utos ni President Duterte ang polisiyang “shoot to kill”](#) sa kanyang sandatahang lakas na nakatuon sa mga nanggugulo o “troublemakers” na nagpo-protesta sa panahon ng ECQ. Sa unang dalawampung (20) araw ng ECQ, humigit-kumulang labimpitong libo (17,000) ang mga taong naaresto dahil sa paglabag sa *curfew* at sa mga alituntunin ng *lockdown*. [Matinding dagok ang ECQ sa mga katutubo at lokal na pamayanan](#) dahil naging hadlang ito sa kanilang akses sa likas-yaman. Napigilan ang kanilang mga gawaing pang-ekonomiko. Napabayaang ang kanilang mga bukid.

Samantala, noong Abril 6, binuwag ng isang daang pulis ang barikadang itinatyo ng mga Tuwali-Ifugao upang patigilin ang operasyon ng minahan ng OceanaGold. Ilang mga lider-katutubo ang kinasuhan sa paglabag sa ECQ. Napaso ang Bayanihan Act noong Hunyo 5 subalit [isinabatas ni Presidente Duterte](#) ang Bayanihan 2 noong Setyembre 11 na nagpahaba ng kanyang espesyal na kapangyarihan ([special powers](#)) hanggang Disyembre 19, kaakibat nito ang karagdagang pondo na US\$34 milyon para sa paglutas sa pangkalusugang krisis na may layuning muling buhayin ang ekonomiya.

Ang mga halimbawa ng kriminalisasyon at sapilitang pagpapalikas ay nangyayari sa **Indonesia** at **India**. Sa panahon ng pandemya, naitala ang tatlung (37) bagong agraryong alitan, tatlung (39) na magbubukid, katutubo, mangingisda ang naaresto, at dalawang (2) tao ang namatay sa agraryong alitan (KPA data). [Ang pangangamkam sa lupain ng mga magsasaka, sapilitang pagpapalikas at paglipat ng tahanan](#) ng komunidad ay nagpapatuloy sa gitna ng pagharap ng Indonesia sa krisis sa pangkalusugan at pagkain, at sa gitna ng pagbulusok ng kanyang ekonomiya dahil sa pandemya.

Sa **India**, ang magdamag na pagdeklara ng *lockdown* ay nag-iwan sa [milyun-milyong manggagawang migranteng](#) gipit sa mga sentrong bayan. Sapilitan silang naglakad ng daan-daang kilometro pabalik sa kanilang mga tahanan sa kabila ng gutom, panunupil ng kapulisan at kamatayan. Samantala, hindi ipinatupad ang paghigpit sa galaw sa sektor ng minahan sa India dahil itinuturing itong [essential](#) na industriya sa kabila ng patuloy na pagkalbo at pangangamkam nito sa mga kagubatan at kalupaang pinangangasiwaan ng mga katutubo at lokal na pamayanan.⁷

Sa nagdaang mga buwan, mayroong mga [insidente ng sapilitang pagpapalikas](#), isa sa mga ito ang kaugnay sa [reservoir](#) at [conservation](#)⁸. Samantala, tumindi ang pananakot sa mga aktibista. Halimbawa, noong Hulyo 8, nabigyan ng babala ang tsapter ng *Fridays for Future* sa India, isang pandaigdigang pagkilos para sa klima na pinamumunuan ng mga kabataan. Ang babala ay kaugnay sa [Unlawful Activities \(Prevention\) Act \(UAPA\)](#). Kasunod nito, hindi na puwedeng mabuksan ang

⁷ Ang kinagawiang pagbansag sa minahan bilang “essential” na serbisyo ay ginagawa sa mga bansa tulad ng South Africa, Pero, Canada, Guyana at iba pa.

⁸ Sa Kaimur, Bihar, limampung libong (50,000) katao mula sa isang daan at walong (108) pamayanan ang inaasahang lilikas upang bigyang daan ang tiger reserve.

kanilang websayt. Napukaw ang galit ng publiko dahil sa pag-*Label* ng kapulisan ng Delhi sa mga kabataang *environmentalist* bilang mga terorista. Dahil dito, binawi ng kapulisan ng Delhi ang babala at idinahilan na ito ay [administrative error](#). Ang UAPA ay isang batas na kaugnay sa terorismo. Ginamit ito laban sa *Fridays for Future* dahil sa kampanya nito laban sa bagong burador ng EIA 2020 (tingnan ang Unang Bahagi sa ibaba). Sa babala, sinabi ng kapulisan ng Delhi na ang *Fridays for Future* ay panggulo sa [kapayapaan, at soberanya ng India](#).

Unang Bahagi: Mga kontrobersiyal na lehislatibong proseso

Bago pa ang krisis ng COVID-19, isinusulong na ng tatlong bansa ang neoliberal na adyendang pangkaunlaran na pabor sa mga interes ng mga dayuhan at iilang lokal na mayayaman. Binabalewala ng mga ito ang kapakanan ng ekolohiya at mga komunidad. Marami sa mga batas na nagtutulak ng neoliberal na adyendang pangkaunlaran ay buong katapangang tinutulan ng mamamayan ilang buwan bago ang COVID-19. Ang moratorium o pansamantalang pagpapatigil sa mga pampublikong pagtitipon ay ginamit upang supilin ang mga paglaban.

Sa **Indonesia**, ginagamit ni Presidente Joko Widodo ang COVID-19 upang itulak ang mga panukalang batas na tinututulan ng mga tao bago dumating ang pandemya. Itinuturing ito ng malaking bahagi ng lipunang pambayan o *civil society* na paghina ng mga kasalukuyang proteksiyon ng kapaligiran at paglakas naman ng kapangyarihan ng mga malalaking negosyo. Nilalapastangan ng negosyo ang integridad ng mga katutubong Adat at lokal na komunidad na hanggang ngayon ay nagsasagawa ng tradisyunal na pamamaraan ng pangangasiwa ng rekurso.

- **Ang Omnibus law na nagpapagaan sa *business licensing*.**

Ang *Workplace Creation Law*, kilala sa tawag na *Omnibus law* ay ipinasa noong Oktubre 5 sa kabila ng malakas at malawakang pagtutol mula sa mga pesante, katutubo, makakalikasang mga organisasyon, mga unyon ng manggagawa, at kilusan ng mga mag-aaral. Ito ay koleksyon ng malawakang reporma para sa deregulasyon ng mga negosyo sa pamamagitan ng [isang libong \(1000\) pag-amyenda sa pitumpu't siyam \(79\) na batas](#). Layunin ng Omnibus law na i-deregulisa ang pagmimina, bawasan ang parusa ng paglabag sa kalikasan, tanggalin ang mga rekisito para sa EIA, gawing paborable ang sitwasyon para sa korapsyon at ihiwalay ang mga katutubo at lokal na komunidad sa mga proseso ng pagdesisyon. Ang pag-amyenda sa loob ng Omnibus law ay [bumabangga sa decentralisation laws ng Indonesia](#).

Mula pa noong napagtibay ang panukalang batas, may ilan nang [bersiyon](#) ang ipinakalat, ang bawat bersiyon ay may mga importanteng kontradiksyon na nagdulot ng kawalan ng kalinawan sa kung alin ang pinal na porma ng Omnibus law. Isa sa mga importanteng kontradiksyon ay ang pagbabawal sa mga tradisyunal na gawain sa agrikultura gaya ng pagkakaingin habang [pinapahirapan nito ang pagpataw ng parusa sa mga plantasyon na gumagamit ng apoy upang hawanin ang kagubtan](#). Lumitaw din na ang [labindalawang \(12\) politiko](#) na susi sa pagtutulak ng batas ay mayroong ugnayan sa sektor ng pagmimina. Sa

loob ng dalawang linggong protesta, anim na libong (6,000) tao na ang inaresto. Ang mga daluyong ng protesta laban sa bagong batas ay sinusupil gamit ang *Health Quarantine Law*.

- **Ang pangangamkam sa lupa sa pamamagitan ng *land banking*.** Ang Omnibus law ay sinasamahan ng Presidential Regulation (Perpres) No. 66 2020 ng Land Procurement for Public Interest Development Projects. Ang Perpres No. 66 na [pinirmahan at naisabatas noong Mayo 19, 2020](#) ang muling nagpakilala sa mga probisyon ng kontrobersiyal na burador na Land Bill kaugnay sa Land Bank. Pabibilisin nito ang pangangamkam at ilalagay sa panganib ang mga natitirang kagubatan sa teritoryo ng katutubo at lokal na pamayanan.
- **Mabagal ang pagkilala sa mga *Customary forests*.** Ibinaba ng Ministry of Environment and Forestry ang bagong Regulation No.17 2020 kaugnay sa Customary Forests. Ginawa nitong mas mahaba ang proseso para sa pagkilala at pagprotekta ng mga *customary forest*. Ang kasalukuyang aplikasyon ng mga katutubo para dito, kalakip ang mga mapa ng kanilang teritoryo, ay umabot na sa anim (6) na milyong ektarya. Subalit maaaring gawing mas komplikado ng bagong regulasyon ang proseso at sagkaan ang pag-apruba sa mga nasabing aplikasyong sa pagkilala sa mga *customary forest*.

Ang Gobyernong BJP ng **India** ay sinusubukang i-atras ang mga bungkos ng karapatang pantao at proteksiyon ng kalikasan sa ngalan ng paghimok sa pamumuhunan sa gitna ng COVID-19. Ang sektor ng minahan ang pangunahing pinagtutuunan ng pag-atras na ito.

- **Ang burador na *Environmental Impact Assessment (EIA) 2020*.** Inilabas ng Ministry of Environment, Forest and Climate Change (MoEFCC) ang [burador na EIA 2020](#) noong Marso 2020 na nagmumungkahing bawasan ang mga pampublikong pagdinig, pahinain ang mga proseso ng konsultasyon, pagwalang-sala ang mga proyektong may mga paglabag sa kalikasan, at [tanggalin ang ilang kategorya ng industriya sa mga nangangailangang sumailalaim sa EIA](#). Sa kabuuan, labing dalawa (12) sa labing apat (14) na sugnay ng dating EIA 2006 ang binago sa bagong burador. Ang *Environmental Clearance* (EC) na isang rekisito para sa mga minahang may balak magpalawak ng operasyon ay tinanggal. Ito ay malaking paglihis sa pundasyon ng Environment (Protection) Act ng 1986, [pinipilay nito ang biyodibersidad at climate goals](#) ng India. Ang burador na EIA 2020 ay isang dagok partikular sa Hilagang Silangang bahagi ng rehiyon na tahanan ng maraming tribu na pino-protektahan ng *Sixth Schedule* ng Konstitusyon ng India. Ang *Article 371* at ang *Sixth Schedule* ang nagbigay ng karapatan sa mga komunidad na pamahalaan at ariin ang mga likas yaman sa kanilang teritoryo. Labis na dagok ang dulot ng burador na EIA 2020 sa komunidad partikular ang probisyon nito na payagan ang pagtatayo ng mga industriya sa loob ng [isang daang \(100\) kilometro ng internasyunal na hangganan](#). Ang paghina ng mga probisyon ng EIA sa burador ng EIA 2020 ay maaring magkaroon ng pangmatagalang epekto dulot ng paglimita sa pangangasiwa at kakulangang tugunan ang mga *socio-ecological* na mga risiko. Bukod dito, ang kontrobersiyal na [3,097 MW Etalin hydropower project](#) ay bigo sa pagtugon sa *seismic activity*, mga risiko ng *glacier* na kaugnay sa pagbabago ng klima, pagguho ng lupa, at mga

epekto ng sakuna sa mga komunidad kaugnay sa dam. Sa kabuuan, ang burador na EIA 2020 ay [nagtataguyod ng teknokratikong pag-unlad](#) sa kapinsalaan ng karapatang pantao at ng kalikasan. Ang mga isyung ito ay naipahayag na rin ng mga [UN Special Rapporteurs](#).

Ang rehimen ni Duterte sa **Pilipinas** ay kilala sa [pagpapatahimik sa oposisyon, extrahudisyal na pagpaslang](#), at paggamit ng [mapanupil na pamamaraan laban sa mga pagtutol](#).⁹ Sa ulat ng Global Witness kaugnay sa mga tagapagtanggol ng lupa at kalikasan, apatnapu't tatlo (43) nang tagapagtanggol ang pinaslang. Binansagan ang Pilipinas na [ikalawa sa pinakamapanganib na bansa para sa mga nagtatanggol ng karapatan noong 2019](#). Pumapangalawa ito sa Colombia.¹⁰ Kung susuriin itong mabuti na may pagkiling sa kinabukasan, ang mga kaganapang ito ay dapat ikabahala.

- **Ang aktibismo bilang terorismo.** Sa panahon ng pandemya, naaprubahan ang Senate Bill No. 1083 habang naaprubahan naman sa kamara ang House Bill No. 6875. Nakonsolida ang dalawang panukalang batas at nabuo ang Republic Act 11479, o ang Anti-Terrorism Act of 2020, pinirmahan ito ni Presidente Duterte noong Hulyo 18, 2020. Pinalitan nito ang Human Security Act of 2007. Naisabatas ito sa gitna ng antas pandaigdig na pagbatikos, kasama na rito ang kritisismo mula sa [OHCHR](#). Pinapalabo ng Anti-Terrorism Act ang linyang naghihiwalay sa legal na aktibismo, pagtutol, at terorismo na nag-undyok ng malawakang [takot sa patuloy at tumitinding pag-abuso sa kapangyarihan](#) ng gobyerno ni Duterte.¹¹
- **Kriminalisasyon laban sa katutubong mamamayan.** Ang kontrobersyal na batas, ang Executive Order 70 ay naipasa ilang buwan bago ang pandemya at sinalubong ng matinding pagtutol. Naipasa ito noong Disyembre 2018¹² at ginamit nang malawakan sa panahon ng pandemya upang patahimikin ang mga tumututol at lalong i-kriminalisa ang mga Indigenous Peoples Human Rights Defenders (IPHRDs). Sa pag-asinta sa mga organisasyon at lalo pang pagmilitarisa sa mga teritoryo ng mga katutubo, pinapalubha ng Executive Order No. 70 ang red tagging at mga bantag hinaharap ng mga aktibista.

Ikalawang Bahagi: Corporate Stimulus at Compensation

Ang maliliit at katamtamang mga negosyo ay madalas na umaasa sa suporta ng gobyerno upang makaligtas sa mga krisis. Gayunpaman, bilang tugon sa COVID-19, inuuna ng mga gobyerno ang pagpapalawak ng extractive na sektor at malalaking proyekto sa pag-unlad sa pamamagitan ng mga probisyon na magdidikta sa ekonomiya sa darating na maraming taon. Sa ilalim ng bandila ng muling pagbuhay ng ekonomiya sa panahon ng COVID-19, nagpatupad ang mga estado ng ilang mga diskarte na

⁹ A/HRC/44/22

¹⁰ Ang Pilipinas ang may pinakamaraming naitalang pagpaslang sa mga tagapagtanggol ng karapatan sa bansa noong 2018.

¹¹ Ang mga katutubo at lokal na pamayanan ay matagal nang inaakusahan at binabansagang mga kaanib at tagasuporta ng mga komunista, ilegal na inaaresto at ikinukulong dahil sa pagtatanggol at pagdepensa nila sa kanilang lupang ninuno mula sa pangangamkam at panghihimasok ng mga mapanirang proyektong at imprastruktura. Ang Anti-Terrorism Act of 2020 ay nakikinitang gagamitin upang lalong durugin ang mga pagtutol at mga kritisismo sa gobyerno kasama dito ang mga organisasyon ng mga katutubo at lokal na pamayanan.

¹² Ang buong pamagat ng EO No. 70 ay 'Institutionalizing the Whole-of-Nation Approach in Attaining Inclusive and Sustainable Peace, Creating a National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, and Directing the Adoption of a National Peace Framework'.

pabor sa mga negosyo. Kabilang dito ang deregulasyon, ang streamlining ng paglilisensya o mga insentibo sa buwis. Ang mga teritoryo ng mga katutubo at lokal na pamayanan ay pinupuntirya para sa mga gawaing pang-ekonomiya na mag-aambag sa pagkasira ng kapaligiran at pagbabago ng klima.

Sa **Indonesia**, nagbibay ng insentibo o kabayaran ang gobyerno sa mga negosyo sa pamamagitan ng pag-renew ng kanilang mga lisensya. Sa ilang mga pagkakataon, ang pampublikong mobilisasyon ay nagawang kontrahin ang mga kaganapan, ngunit maraming mga probisyon ang may pangmatagalang implikasyon sa mga kagubatan ng Indonesia at sa mga katutubo at lokal na pamayanan na naninirahan sa mga ito.

- **Awtomatikong pagpapalawak ng mga konsesyon sa pagmimina ng karbon.** Binago ang Mineral and Coal Law (Minerba Law) sa kabila ng kawalan ng konsultasyon. Ang Artikulo 47 ay nagbibigay ng [garantiya sa mga kumpanya ng pagmimina ng sampung \(10\) taong ekstensiyon](#) ng kontrata na maaring mangyari ng dalawang beses. Ginagarantiya ng batas na ito ang awtomatik na ekstensiyon ng mga konsesyon ng pagmimina ng karbon at isinisigurado nito ang kapangyarihan ng mga kumpanya ng pagmimina sa oligarkiya sa loob ng dalawampung (20) taon.
- **Mga awtomatikong pag-renew ng mga lisensya para sa mga plantasyon at mga konsesyon ng troso.** Nag-anunsiyo ang Agrarian Ministry ng Indonesia ng awtomatikong pag-renew ng mga lisensya hanggang sa katapusan ng 2020 upang makabawi ang mga kumpanya sa pagkalugi kaugnay sa COVID.
- **Pagpapalakas sa industriya ng iligal na troso.** Sinubukan ng Trade Ministry na bawiin ang mga rekisito para sa ligal na pagluluwas ng mga kahoy palabas ng bansa. Ang [Timber Legality Verification System](#) (SVLK) ay pinangunahan ng Indonesia noong 2003, at ang pagbawi sa mga mga rekisito sa pagluluwas ng mga troso ay nagiging daan sa pagkasira ng kagubatan at may implikasyon sa pag-monitor sa iligal sa pagtotroso. Ang pagsasabatas nito noong Mayo 27, 2020 ay nagdulot ng pangamba ng *timber flooding* sa mga pamilihan¹³, pagkalbo ng kagubatan at ang kawalan ng seguridad ng teritoryo. Gayunpaman, matagumpay na nagkampanya ang mga Civil Society Organisations (CSO), akademiko, pribadong sektor at maging ang MoEF upang maibalik ang batas.

Sa halip na palakasin ng **India** ang kanyang mga batas kaugnay sa kalikasan, ini-atras pa nito ang kanyang mga protokol upang maiwasan ang mga paglabag. Ang mga kaganapang ito ay sinabayan pa ng hindi pagkilala sa karapatan at hindi pagkonsulta sa mga katutubo at lokal na pamayanan kaugnay sa mga proyekto na makakapaekto sa kanilang pamumuhay at tradisyunal na kaalaman.

- **Kawalan ng probisyon kaugnay sa video-based clearances sa batas pangkalikasan sa India.** Ang mabilis na pag-apruba ng EC ng mga proyekto ay may nakaambang panganib kaugnay sa pangangasiwa o administrasyon.¹⁴ Sa [pagsusuring](#) ginanap noong Marso 24

¹³ Apat-napung porsyento (40%) ng mga produktong kahoy na inaangkat ng Europa ay nagmumula sa Indonesia.

¹⁴ Noong Mayo 27, isang pagsabog at sunog ang naganap sa isang balon ng langis na pagmamay-ari ng Oil India Ltd (OIL) sa Assam. Nangyari ito labimpitong (17) araw matapos matanggap ng Baghjan OIL Project ang EC mula sa MoEFCC. Mayroon pa

hanggang Hunyo 30 ng Forest Advisory Committee at Expert Appraisal Committee, ipinakita na humigit-kumulang 120 ang mga proyekto ang inirekomenda, 90 ang ipinagpaliban, 30 na proyekto ang ibinalik, at dalawang proyekto ang tinanggihan. Ang mga pagpupulong kaugnay dito ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga *video conferences* dahil sa *lockdown*. Ang isang-kapat ng proyektong inirekomenda ay ipinasa sa [Fifth Schedule districts na inaprubahan](#) sa kabila ng kawalan ng due diligence o pagrespeto sa karapatan na ayon sa FRA at hindi pagsasaalang-alang ng karapatan sa FPIC. Binigyang pahintulot ng MoEFCC tatlumpong [\(30\) mga proyekto na nasa loob ng masasabing vulnerable biodiverse hotspots](#).

- **Komersalisasyon ng sektor ng pagmimina ng karbon.** Noong Hunyo 11, 2020, naglunsad ang pamahalaan ng India ng isang bagong subasta o *auction* ng karbon, na may temang [“Unleashing Coal: New hopes for Atmanirbhar Bharat”](#) na kinasangkutan ng apatnapu’t isang [\(41\) kumpanya ng karbon sa limang estado ng India](#). Ang hakbang na ito ay sinamahan ng iba pang batas, tulad ng pag-amyenda ng Seksyon 8A ng Mines and Minerals (Regulation and Development) Act of 1956, na awtomatikong magpapabilis ng pag-apruba, sa proseso ng paglilisensya at magpapalawak sa mga pribilehiyo ng matagumpay na *bidder* ng konsesyon sa pagmimina. Ang mga pag-aprubang ito ay may kaakibat na pagtanggap sa mga kinakalingang *clearance* sa ilalim ng Forest Conservation Act, 1980 at ang Forest Rights Act 2006 sa loob ng dalawang taon. Ang isang pagbabago sa Coal Mines (Special Provisions) Act, 2015 ay ang pagpapahintulot sa mga pribadong kumpanya na patakbuhan ang industriya ng karbon sa kauna-unahang pagkakataon. Ang mga repormang ito sa sektor ng pagmimina sa India, lalo na ang pagmimina ng karbon, ay lalong magpapahirap sa pagpapatupad ng mga reporma kaugnay sa pamamahala sa kagubatan o *forest tenure* na nakapaloob sa Forest Rights Act, 2006 (FRA). [Ang mga minahan ng karbon na ito ay matatagpuan din sa mga lupain ng katutubo at sa mga mahalagang kagubatan](#).
- **Pagtanggap ng mga proteksyon sa paggawa.** Habang sinusubukang paluwagin ang pagnenegosyo, [sistematiko namang tinatanggal ng mga Estado at ng pamahalaang Sentral ng India ang mga karapatan ng mga manggagawa](#) bilang isang paraan upang mapalago ekonomiya. Ang malawakang repormang ito ay magpapahina sa mga proteksyon sa oras ng pagtatrabaho, sahod, obertaym, kalusugan at kaligtasan sa trabaho at iba pa. Sa kanyang pagbawi sa ekonomiya, papasanin ng mga pinaka-bulnerableng populasyon ng India ang pampinansiyang obligasyon. Ang populasyong ito ay madalas kinabibilangan ng mga maihirap na sektor na siya ring matinding naapektuhan ng *lockdown*.

itong hinihintay na tatlong EC mula sa MoEFCC para sa kanyang mga panukalang “oil and gas exploration”. Dahil ang mga proyektong kagaya nito ay nabibilang sa kategoryang ‘B2’, hindi na kailangang dumaan sa pampublikong pagdinig ang mga proyektong ito ng OIL. Sa taun-taong pagbaha sa ilog Brahmaputra, at ang nangyaring pagsabog na napakalapit sa ilog at sa importanteng ekosistema, malubha ang bantang panganib nito sa mga katutubo at lokal na pamayanan gayundin sa buhay-ilang sa India at sa mababang bahagi ng Bangladesh. Noong huling bahagi ng Hunyo 2020, ang mga pagsisikap na apulihin ang mga malakihang sunog ay napigilan ng mga pagbaha. Ang Baghjan OIL ay pinayagan sa ilalim ng EIA 2006. Ang pagpayag sa mga proyektong kagaya nito ay patunay ng kahinaan ng batas. Kinakailangan itong palakas inatutulan ang mga probisyong nagpapahina dito sa burador ng EIA 2020.

- **Pagbubukas ng mga lupaing agrikultural para sa industriya.** Ang estado ng Assam ay nagpasa ng isang ordinansa kaugnay sa Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs) na magpapaluwag sa negosyo sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga kinakailangang [pahintulot, clearance o mga lisensya](#) sa pagbubukas ng lupaing agrikultural para sa industriya. Isinasaalang-alang din ng pamahalaang sentral ng India ang paglikha ng isang National Land Management Corporation upang madaling [pagkaperahan ang mga lupaing tinaguriang “wastelands”](#) kahit pa ang mga lupaing ito ay ginagamit ng mga katutubo at lokal na pamayanan gamit ang kanilang tradisyunal na pamamaraan. Ang ganitong sitwasyon ay magdudulot ng mga alitan sa lupa, sapolitang pagpapalikas, pagkagambala ng pangkabuhayan at kriminalisasyon ng mga katutubo at lokal na pamayanan na walang pinanghahawakang seguridad o kontrol sa kanilang lupain. Ang Gobernador ng Karnataka ay nagpanukala ng Karnataka Land Reforms (Amendment) Ordinance, 2020 na magbabago sa Karnataka Land Reforms Act, 1961¹⁵. Ibinubukas ng batas na ito ang mga lupaing agrikultural para sa mga hindi magsasaka. Nakikinitang magresulta ito ng pagbabago sa halaga ng mga lupa.

Kasunod ng ECQ at ang panibagong kapangyarihan ng Ehekutibo, inilaan naman ng **Pilipinas** ang pondo mula sa iba’t ibang sangay ng gobyerno upang itaguyod ang mga plano nitong mga imprastraktura sa lupain ng mga katutubo. Maaari nang magpatuloy ang mga sektor na ito sa kanilang mga aktibidad sa kabila ng malaking potensyal ng mga ito na pabilisin ang pagkalat ng COVID-19 sa mga malalayong kanayunan.

- **Imprastraktura bilang pansamantalang tugon sa pandemiya.** Noong [Hunyo 4, 2020](#), ipinasa ng gobyerno ang House Bill No. 6815, ang Accelerated Recovery and Investments Stimulus para sa ekonomiya ng Pilipinas (ARISE Philippines). Ito ay may halagang US \$2.6 bilyon na *stimulus package*. Halos kalahati o 50% ng pondo ang inilaan para sa mga proyektong pang-imprastraktura upang [isalba ang ekonomiya](#). Subalit ito ay natapyasan nang natapyasan hanggang bumaba ito sa US \$340 milyon lamang, isa sa pinakamaliit na fiscal stimulus [sa buong mundo](#). Ilan sa mga proyektong pang-imprastraktura na tatanggap ng suporta mula dito ay nasa mga lupain ng mga katutubo at lokal na pamayanan na malawak na pinagtatalunan¹⁶. Ang panukalang ito ay hindi pa naisasabatas.
- **Mga proyektong nakatuon sa lupain ng mga ninuno.** Sa konteksto ng pandemya, muling binuhay ng Pilipinas ang kanyang ibinabandilang programang pang-imprastraktura na Build Build Build (BBB) na nakalathala sa Philippine Development Plan (PDP) 2017 – 2022. Muli itong namayagpag upang itaguyod ang tinatawag na ["ginintuang panahon"](#) para sa imprastraktura. Mahigit isang daan (100) ang mga proyekto na nakapaloob sa BBB at karamihan sa mga ito ay nakatuon sa mga teritoryo ng mga katutubo at lokal na pamayanan. Mahigit 110,000 na mga katutubo mula sa hindi bababa sa 106 na mga pamayanan ang maaaring maapektuhan ng limang (5) dam. Samantala, hindi bababa sa 542,245 ektarya sa

¹⁵ Ang pagbabago na naipahayag noong ika-13 ng Hulyo 2020 ay ang pagtanggap sa mga sumusunod na seksyon: 79A, 79B at 79C. Ang mga seksyong ito ang nagpapanukala ng matinding limitasyon sa pagmamay-ari ng mga lupaing pang-agrikultura.

¹⁶ Ang mga impormasyon ay mula sa Cordillera Peoples Alliance.

lupaing ninuno ang sasakupin ng 230 na aprubadong aplikasyon sa pagmimina. Ginagamit ni Duterte ang kanyang kapangyarihanng pang-ehekutibo sa ilalim ng Bayanihan Act (pinalawak sa Bayanihan 2) upang ilipat ang mga pondo mula sa ibang mga sangay ng gobyerno, sa pamamagitan ng Senate Bill No. 1474 upang unahin ang mga pautang sa mga proyektong pang-imprastraktura sa loob ng BBB, na naglalaan ng US \$ 1.3 bilyon sa piskal taong 2021.

Ikatlong Bahagi. Mga solusyon sa pandemya na nagpapahina sa karapatan ng mga katutubo at lokal na pamayanan.

Ang [pandemya](#) ay nagdudulot ng higit pang problema gaya ng krisis sa pagkain. Ang mga lockdown ay nakaapekto sa mga kakayahan ng mga komunidad upang makakuha ng mga suplay ng pagkain, makuha ang mga pangunahing pangangailangan at serbisyong pangkalusugan. Ang "mga solusyon" na lumalabag sa mga karapatan ng mga katutubo at lokal na pamayanan ay nagdudulot ng karagdagang pahirap sa kanila kabilang na rito ang kanilang kakayahang mangolekta, umani at magpamahagi ng pagkain.

- **Pagbabawal sa akses sa mga kagubatan.** Noong Abril 6, 2020 ipinag-utos ang MoEFCC sa lahat ng estado ng India na ipagbawal ang pagpunta ng mga tao sa National Parks / Sanctuaries / Tiger Reserve. Sa ganitong paraan ay nababawasan ang pakikipag-uganayan ng mga tao sa kalikasan. Ang mga katutubo at lokal na pamayanan ay lubos na umaasa sa Non-Timber Forest Products (NTFP) para sa kanilang kabuhayan at ang paghihigpit na ito ay agad na [nakaapekto sa tatlo \(3\) hanggang apat \(4\) na milyong mga tao na naninirahan sa paligid ng mga kagubatan](#). Ang paglimita sa akses ng mga pamayanan sa mga kagubatan na nagbibigay sa kanila ng pagkain at gamot ay pagkitil sa pinagmumulan ng kanilang buhay at ikinabubuhay. Ang mga lockdowns ay nataon din sa panahon ng pag-aani, [na lubhang nakapinsala sa kaligtasan ng 275 milyong katao sa buong bansa](#).
- **Mga palayan sa pinag-aagawang lupain.** Inatasan ni Pangulong Joko Widodo ang mga negosyong pagmamay-ari ng estado na magbukas ng mga bagong palayan sa [900,000 hectares sa buong Central Kalimantan, Indonesia](#). Marami sa mga iminungkahing lugar ay mga tradisyunal na lupaing agrikultural ng mga katutubo at lokal na pamayanan pati na rin ang mahahalagang lupain gaya ng malumot na lupain o *peat lands*. Ang iminungkahing programang ito ay nagbabadya ng mga problema sa agrikultura, pag-agaw ng mga lupain ng mamamayan at maaaring magresulta sa hindi pagtupad ng Nationally Determined Contribution ng Indonesia sa ilalim ng Kasunduan sa Paris.
- **Pag-target sa lupain ng mga katutubo at lokal na pamayanan para sa produksiyon ng pagkain.** Ang Department of Agriculture ng Pilipinas (DA) at National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) ay naglabas ng panukala para sa karagdagang produksiyon ng pagkain na pinupuntirang isagawa sa mga tinaguriang "[idle lands](#)" na sa katotohanan ay lupaing ninuno ng mga katutubo at lokal na pamayanan. Ang programang "Plant Plant Plant" (PPP) ay tinuligsa bilang isang paraan ng pagbubukas ng mga lupang ninuno para sa industriya ng agrikultura at bilang daan para maagaw ang lupain mula sa kamay ng mga katutubo at lokal na pamayanan. Ang mga lupaing ito ay [hindi "idle"](#), at ang PPP ay isang mekanismong humahadlang sa kolektibong pagkilos at katutubong kaalaman ng mga pamayanang nagsusulong at nagpapanatili sa maayos at pangmatagalang paggamit ng mga likas yaman.

Konklusyon

Patung-patong ang bulnerabilidad na kinakaharap ng mga katutubo at lokal na pamayanan sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19. Lumala ang kriminalisasyon, katiwalian, panunupil, karahasan kaugnay sa kasarian, *extractive industries*, pagpapabaya ng estado at paghihigpit ng akses sa tama at angkop na impormasyon. Gayunpaman, ang mga komunidad na ito ay likas-kayang tumutugon sa pandemya taglay [katatagan at panglahatang tagumpay](#). Ang pundasyon ng tagumpay na ito ay mga pagkilos na taglay ang sariling pagpapasya, mga tradisyunal na sistema ng pamamahala, at ang seguridad sa kolektibong pangangasiwa sa lupa at rekurso.

Ang pagkakaisa ng mga organisasyong kumakatawan sa mga katutubo at lokal na pamayanan ay isang malakas na sandata laban sa pandemya. Halimbawa, sa buong Indonesia, nagsimulang maghanda ang mga komunidad sa krisis sa pagkain noong Marso sa pamamagitan ng palikasyon ng prinsipyong [wilayah bermartabat](#) (isang marangal na teritoryo). Ang pagtutulungan ng mga malalayong pook at sentrong bayan ay inilunsad ng Agrarian Reform Consortium (KPA) sa kanyang [Agrarian Granary Solidarity Movement](#), na kung saan ang mga magsasaka at mangingisda na may labis na imbak ay nagpapamahagi at nagbebenta ng kanilang ani sa mababang presyo para sa mga manggagawa sa lunsod at sentrong bayan. Ang halimbawang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng “community land tenure” o bungkalan: ang karamihan ng mga produktong sinusuportahan ng KPA ay lumago sa pinagtatalunang lupain.

Naging sandata ng mga komunidad ang kanilang karapatan sa lupa sa pagtugon sa krisis. Ang mga nayon sa **India** ng Kukdale sa distrito ng [Gadchiroli Maharashtra](#), ay ginamit ang kanilang kalayaan sa ekonomiya na sinusuportahan ng Community Forest Resource Rights upang magbigay ng kaluwagan sa mga apektadong pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng lingguhang panustos. Sa Riau, isang lalawigan sa isla ng Sumatra ng **Indonesia**, ang mga kabataan ng Talang Mamak ay [nag-aambag para sa seguridad ng pagkain ng kanilang komunidad at nagtataguyod ng community-based monitoring](#). Ang dalawang halimbawang ito ay nagpapakita kung paano kumilos ang daan-daang libong mga katutubo at lokal na pamayanan upang matiyak ang kalusugan, kaligtasan, at kabuhayan ng mga miyembro ng kanilang komunidad.

Pagkatapos ng pandemyang dulot ng COVID, mahalagang humalaw ng aral at inspirasyon ang mga lider ng mundo mula sa mga karanasan at pagkilos ng mga katutubo at lokal na pamayanan. [Ang mga karapatan at sariling pagpapasya ng mga katutubo at lokal na pamayanan](#) ay dapat isaalang-alang sa anumang tugon o plano ng gobyerno upang mapangalagaan ang kalikasan at maiwasan ang iba pang panganib na maaring idulot ng mga pandemiya sa hinaharap. Ang demokratikong espasyo ay napakahalaga upang mapabuti at maprotektahan ang likas yaman ng buong mundo.

Tungkol sa Asia Indigenous Peoples Pact

Ang Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP) ay isang pang-rehunal na organisasyon na itinatag ng mga kilusan ng mga katutubong mamamayan noong 1992 upang maging tuntungan ng pagkakaisa at pagtutulungan. Itinataguyod ng AIPP ang pagdepensa sa karapatan ng mga katutubo at karapatang pantao; likas-kayang kaunlaran at pangangasiwa sa mga rekurso at pagtatanggol sa kalikasan. Sa paglipas ng mga taon, nagpakabihasa ang AIPP sa pangmasang pagpapakatatag ng kapasidad, adbokasiya, at pakikipagbigkis mula sa antas lokal hanggang sa antas pandaigdig, at pagpapahigpit ng ugnayan sa mga organisasyon ng mga katutubong mamamayan, ka-alyadong mga NGO, mga ahensiya ng UN at iba pang institusyon. Sa kasalukuyan, ang AIPP ay mayroong apatnapu't pitong (47) miyembro mula sa labing apat (14) na mga bansa sa Asya na mayroong pitong (7) pambansang alyansa ng mga organisasyon ng mga katutubo at tatlung (35) sub-nasyunal na mga organisasyon kasama ang labing anim (16) na organisasyong pang-etniko, limang (5) organisasyon ng mga katutubong kababaihan, at apat (4) na organisasyon ng mga katutubong kabataan. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang <https://aippnet.org/>.

Tungkol sa Coalition for Tenure Justice sa Indonesia

Ang Coalition for Tenure Justice sa Indonesia ay binubuo ng mga organisasyong kasapi sa koalisyon ng mga nagtataguyod ng mga karapatan ng mga katutubo at lokal na pamayanan kaugnay sa kanilang mga lupain, kagubatan at likas na yaman. Kasama rito ang pagsulong sa pagkilala ng mga lupain at teritoryong pinapamahalaan at pinapangasiwaan ng mga katutubo at lokal na pamayanan bilang pagpapabilis at pagpapatupad ng makabuluhang Repormang Agrarian. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang <http://koalisikeadilantenure.com/>.

Tungkol sa Rights and Resources Initiative

Rights and Resources Initiative ay isang pandaigdigang koalisyon ng mahigit isang daan at limampung (150) organisasyon na nagsusulong ng mga karapatan kaugnay sa kagubatan at mga rekurso ng mga katutubo, Afro-descendants, lokal na pamayanan at mga kababaihan. Nakasandig ang mga miyembro nito sa kanilang sariling lakas, husay, at saklaw upang epektibo at mabisang makamit ang mga solusyon. Sandata ng RRI ang kanyang impluwensiya sa antas pandaigdig upang palakasin ang mga boses ng mga lokal na pamayanan at upang makipag-ugnayan sa mga gobyerno, mga *multilateral institutions*, at mga pribadong sektor sa pagtaguyod ng mga repormang sumusuporta sa pagkamit ng mga karapatan. Sa pagsusulong ng estratihikong pag-unawa sa mga banta at oportunidad sa antas pandaigdig na dulot ng kawalan ng karapatan sa pamamahala sa rekurso at teritoryo, binuo at itinataguyod ng RRI ang *rights-based approaches* sa kalakalan at pag-unlad. Pinangungunahan din nito ang mga solusyon upang i-angat ang antas ng mga reporma sa *rural tenure* at *enhance sustainable resource governance*. Ang RRI ay pinangangasiwaan ng Rights and Resources Group, isang *non-profit organization* na nakabase sa Washington, DC. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang www.rightsandresources.org.

Mga Partner



Sponsors



Ang mga pananaw sa inilahad dito ay hindi kailangang kasama sa pananaw ng mga ahensiyang bukas-palad na nagbigay suporta sa trabahong ito. Ito ay may lisensiya sa ilalim ng Creative Commons Attribution License CC BY 4.0.